**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 2, 89-97




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Kwento ni Maria Anabe: Content-based na pag-analisa

Gorumba, Jennifer A. ✉
*Palompon Institute of Technology, Philippines (jennifer.gorumba@yahoo.com )*

**Received**: 31 March 2024 **Revised**: 28 April 2024 **Accepted**: 5 May 2024
**Available Online**: 5 May 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24808

---

***Abstract***

Maria Anabi is a folk tale of Palompon, Leyte. This story reflects the culture and the role of people in Palompon. The purpose of this study is to examine the theme, behavior, and dominant cultures, as well as the relationship of these cultures with the social responsibilities of the people of Palompon, from a psychological perspective. A qualitative method using Neuman's content-based analysis was used in the study. Folktales were analyzed according to their content. The results of the study were the belief in fairies, the companionship of those for the beauty of life, extreme preparation in the celebration of any Filipino occasions, borrowing valuable things, giving gifts, and caves being the home of fairies. Aside from these, there was an appreciation for the importance of the preservation of Mother Nature. From a psychological perspective, the beliefs, behaviors, and attitudes of people were described. It is recommended to enrich the study of folk stories, especially in schools, so that the cultures that are mentioned in the stories can still be reflected by the students.

***Keywords:*** content analysis, Maria Anabe, social responsibilities, culture, Palompon Leyte

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Kwento ni Maria Anabe: Content-based na pag-analisa

## 1. Introduksiyon

Ang panitikang Filipino ayon kay Arogante et.al (2010), isang talaan ng buhay ang panitikan kung saan nagsisiwalat ang isang tao ng mga bagay na kaugnay ng napupuna niyang kulay ng buhay at buhay sa kanyang daigdig na kinabibilangan. Ito naman ay sinang-ayunan ni Casanova, (2005), sinabi niya na ang panitikan ay pangunahing salamin ng kultura ng isang sambayanan. Dito nailalarawan ang kanyang kahapon, ngayon at bukas. Ang Pilipinas ay isa mga bansa na mayaman sa kultura, ito ay naipasa mula sa ating mga ninuno. Ang ilan sa mga ito ay mula sa mga akdang panitikan, isa na rito ay ang mga kwentong-bayan. Gaya ng Alamat, ang kwentong bayan ay nagpasalin-salin sa bibig ng mga taong bayan na nagbibigya aksiyon para sa mga paniniwalang-bayan, ang mga anyo, mga ritwal at iba pa. (Belvez et. al. 2006).

Ang mga Pilipino ay likas na may maraming pinaniniwalaan kahit na hindi kayang ipaliwanag kung paano ito nagmula katulad halimbawa ng mga nilalang na hindi nakikita ngunit parte na sila sa mundong ibabaw, mga nilalang na makapangyarihan katulad ng mga kaluluwa. Ang mga pamahiin ng bansa ay lumalawak sa iba't ibang dako ng rehiyon at probinsiya. Ayon sa mga nakatatanda, ang mga paniniwala at ang mga pamahiing ito ay naglalayong pigilan ang kapamahakan na maaari o para maiwasan ng isang tao na gumawa ng isang partikular na gawain. Ang paniniwala ay mula sa kanilang tradisyon, ugali at kultura (Imson at Salud, 1994).

Sinasabi ngang, karamihan sa mga kultura, maging sinauna o sa kasalukuyan ay maaaring may iba-ibang konsepto ang pinaniniwalaan ang tao, kung paano sila kumilos, paano sila naniniwala at kung paano nila tinatanggap. Ang mga kwentong-bayan ay isa sa may mga impluwensiya sa kultura at paniniwala ng mga tao patungkol sa swerte, malas, at iba pang mga gawain. Ang bawat lugar ay nagkakaroon ng kani-kanilang paniniwala dahil na rin sa implwensiya ng mga kwentong-bayan na naipasa mula sa mga ninuno. Sinasabi nga likas na sa ating mga Pilipino ang maniwala sa mga kwento-kwento patungkol sa mga maligno, engkato, dewende at iba pang nailalang na hindi natin nakikita, nakatatak na rin sa isipan ang mga kasabihan at mga paniniwala na kung minsan ito ang nagiging hadlang sa iba para mga gagawing desisyon.

Dahil sa mga pamahiin, kung minsan napipigilan ang ilan sa mga gawain kung kaya, ito ay ang nagiging hadlang kung bakit hindi nagagawa o natatapos ang mga gawaing sa itinakdang panahon, kung tatanungin naman kung saan nagmula ang mga paniniwalang ito ay walang masagot, pero patuloy pa rin ang paniniwala. Sinabi ni Whitebourne, dahil sa *conditioning* ng utak ay maaaring magkatotoo ang mga paniniwala at kung hindi naman ay patuloy pa rin na umaasa na may resultang katulad nang sa nakaraan.

Ang mga kwentong bayan maaaring mga kathang isip lamang pero ito ay isa mga nagpapabukas sa mga isipan ng mga mambabasa sa mga aral na nakukuha sa kwento at maaari itong magamit bilang paghubog sa pag-uugali at paniniwala ng tao. Batay sa natuklasan ni Catipay (2018) sa kanyang pag-aaral sa sampung kwentong bayan, ito ay kinapalooban ng pangkalikasan, pangkatakutan, panrelihiyon at pampamilya na sumasalamin sa mga katutubong saloobin ng mga Cebuano. Hanggang sa buhay pa ang mga kwentong bayang ito ay mananatiling buhay rin ang mga katangiang ng mga Sugbu-anun sapagkat ito ay naging bahagi na sa pamumuhay at identidad ng pagiging isang Sugbu-anun. Ibig sabihin na ang nilalaman ng mga kwentong ito ay masasalamin pa rin sa mga tao ng kanilang lugar. Ibig sabihin na dapat talagang i-preserba ang mga akdang ito at ipagpatuloy na ibahagi sa mga kabataan at maging bahagi rin sa mga aralin sa klase para hindi mawala ang kultura o pagkakakilanlan ng isang lugar.

Natuklasan din sa pag-aaral ni Catapang et.al, masasalamin sa mga nilalaman ng kwentong bayan na may tuwirang kaugnayan ang tao sa lipunan at *vice versa*. Sa kanyang sinuring kwento ay napag-alaman niya na may kaugnayan ang mga taong naninirahan sa paligid ng Lawa ng Sampalok sa mismong lawa at ang nailarawang kaugnayan nito sa mga nahalaw na poklor na mayroon sa lugar ay nagpapatunay na hindi maaaring ihiwalay ang

tao sa kanyang lipunan, at ang lipunan at tao sa kalikasan. Samantala sa panayam naman kay De Leon mula sa pag-aaral ni Jadloc MD, 2017, sinabi niyang "Maraming gamit ang mga kuwentong bayan para sa mga bata: malinang ang mahusay na pagpapasya, mamulat sa ibang kultura, makapagdulot ng mabuting asal, mapahalagahan ang ibang tradisyon, tumuklas ng ibang pananaw at makaarok sa mga arketipong tunay na bukal ng kabihasnan at kadakilaan".

Sa pag-aaral ni Montenegro (2022), kanyang nabanggit ang batas at regulasyon ng R.A. 9593 na kinakailangang itaguyod ang makabuluhang kasaysayan, panitikan at kultura ng turismo sa mga kabataan at mga mamamayan. Kabilang na sa mga dapat itaguyod ay literatura, pati na rin ang mga kuwentong- bayan, sa gayong dahilan, napakalaki ng pangangailangan na alagaan ang mga kuwentong-bayan. Dagdag pa niya, napakahalaga ang isinasaad ng Saligang batas tungkol sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon upang mamulat ang mga kabataan na ang Pilipinas ay napakayaman sa panitikan at magagamit din ito ng mga guro sa pagtuturo lalong-lalo na sa panitikang rehiyunal. Ang ilan sa mga kwentong bayan ay pumapaksa sa isang lugar at kabayanihan, ang mga paksang ito ay nagbibigay ng pagkakakilanlan ng isang lugar at ang iba ay nagiging *tourist attraction*, at pag-uugali ng mga grupo ng tao na nagiging tatak na ng isang lugar.

Mula sa mga kwentong bayan na sinasabing kaluluwa ng lahi, at dahil sa pagsasalin-dila mula sa mga bibig ng mga tao, naisatitik sa mga naka-printa na babasahin at nailimbag sa mga elektroniko, ang mga ito ay nananatiling buhay at sumasalamin sa mga araw-araw na pamumuhay ng tao. Napakahalagang pag-aralan ang mga kwentong bayan dahil naiuugnay ang mga kultura ng bayan. Saad pa sa pag-aaral ni Motenegro (2022), "Hanggang ngayon, laganap pa sa ating paligid ang iba't ibang panitikan na sumasalamin sa tradisyon, paniniwala at kultura ng bawat lugar. Karamihan sa mga ito ay hindi pa nalilinang, napapayaman at napag-ukulan ng panahon para pag-aralan".

Ang kwento ni Maria Anabi ay isa sa mga kwento ng rehiyon VIII, partikular sa Palompon, Leyte. Ang kwentong ito ay hindi pa gaanong kilala sa ibang rehiyon o maging ng ilang mamamayan ng Palompon kaya ito ang nagbigay interes sa mananaliksik na pag-aralan ang kwentong ito. Naging danas din ng mananaliksik bilang nagtuturo ng Panitikan ng Rehiyon na hindi gaanong nabibigyan ng puwang ang mga akdang panitikan ng rehiyon. Maliban dito nilalayon ng pag-aaral na ito na malaman at masuri ang tema at mga nangibabaw na kultura at gayundin ang ugnayan ng mga kulturang ito Social Responsibilties ng mga mamamayan at ang sikolohikal na pananaw. Ang pag-aaral na ito ay magpapanatili na maging buhay ang mga kwentong sumasalamin sa pamumuhay ng isang bayan at mas lalo pa itong mapayabong at makilala rin sa iba pang parte ng bansa.

Ang teoryang ginamit sa pag-aaral ay ang teoryang sikolohikal, ayon kay Villafuerte (2000), Ang teoryang sikolohikal ay naglalayong maipaliwanag ang akda sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga salik sa pagbuo ng mga pag-uugali, paniniwala, paninindigan, pagpapahalaga, at pananaw o pagkatao ng isang tauhan sa isang akda. Sa dalawang kwento ay kakikitaan ng paano nabago ang mga pangyayari sa buhay ng mga tao dahil sa pag-uugali at ang pakikitungo sa kapwa. Ipinahayag din dito ang teoryang kultural kung saan inilarawan ang mga kaugalian, tradisyon at paniniwala na mapaghanggang ngayon ay pinaniniwalaan pa rin mga tao.

## 2. Metodolohiya

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong metodo, ginamit ang paraang *content analysis* na konsepto ni Neuman (2011). Binigyang katugunan sa pag-aanalisa ng tema, kultura na naglalarawan sa mga pag-uugali at pamumuhay, sikolohikal na pananaw at ang *social responsibility* na naimpluwensiyahan ng mga kwentong bayan partikular, ang Maria Anabi. Sinuri ito hanggang sa matukoy at lumitaw ang tema at kultura na nagpapakilala sa identidad ng mga mamamayan sa bayan ng Palompon, Leyte.

Sa pagsusuri, masusing binasa ng mananaliksik ang kwentong bayan alinsunod sa paraang pagsusuring pangnilalaman ayon sa mga kinakailangan datos. Una, ay inalam muna ang tema ng kwento, pangalawa ay tinukoy ang mga pag-uugaling lumutang at kultura ng lugar, pagkatapos matukoy ang mga ito ay isinulat isa-isa,

ang mga ito ipinabasa sa sampong tao at inugnay kung ito ay sumasalamin sa mamamayan at naging *social responsility* na nila.

## 3. Resulta at Pagtatalakay

Ang kwentong bayan ay naglalaman ng mga sinaunang kultura, mababakas dito ang panlahing pagkakakilanlan ng isang lugar na umiiral pa rin hanggang sa kasalukuyan maging ang paniniwala at kaugalian. Ayon nga kay Young, 2007, ang kwentong bayan ay ekspresyon ng kultura galing sa nakaraan hanggang sa pag-usbong nito sa kasalukuyan hanggang sa hinaharap.

***Tema -*** Ang pangunahing tema na dumadaloy sa kwentong Maria Anabi ay ang pagrespeto sa kapwa at kalikasan, ipinahayag sa kwento ang biglang pagkawala ng isang tao sa barangay malapit sa kweba dahil sa pang-aabuso nito sa kalikasan. Ang pagiging mapagbigay o pagiging matulungin sa kapwa ay nangibabaw rin sa kwento dahil sa pagtulong ng Diwata sa mga taong nangangailangan, gaya ng pagpapahiram ng kanyang mga kagamitan.

***Paniniwala sa mga Diwata -*** Ang Maria Anabi ay may pangunahing karakter na Diwata na may tanging angking kagandahan. Mayroong mapupungay na mata, maninipis na labi, mala-porselanang balat. Busilak ang puso at kayang magpalit sa ibang anyo. Tumatak na sa mga tao na ang diwata ay may angking kagandahan kaya nga kung minsan ang kagandahan ng isang mortal ay inihahalintulad sa mga Diwata.

> *"Maria Anabe is not of this world, Dong, She has her own power and beauty that unlike yours.*
> *That is her castle," she pointed to the cave. "And this wetland is her dominion"*

Ang mga Diwata ay minsan ding sinamba dahil sa angking kapangyarihan, nabanggit nga sa pag-aaral nina Abenina JKM et.al (2020), na ang mga sinaunang Filipino ay sumamba sa kalikasan at sa iba't ibang mga Diyos-dyosan na binubuo ito ng mga hayop, mga mahiwagang nilalang, at mga Diwata dahil ito ang gumagabay sa kanila sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang nilalaman ng kwento ay nagpapakita ng ganitong aksyon dahil sa kabutihang ipinakita ng Diwata, halos sinasamba ng mga mamamayan dahil nakukuha nila ang halos lahat na pangangailangang material.

Mapaghanggang ngayon marami pa ring mga mamamayan ang naniniwala na mayroon pa ring mga Diwata sa paligid lalong-lalo na sa mga kweba na maaari nilang pagsabihan ng kanilang *wish* o hinahangad. Sa katunayan, sa bayan ng Palompon ay marami pa rin ang naniniwala kay Maria Anabi long-lalo na ang mga matatanda dahil marami raw ang nagpatotoo nito noong kanilang mga kabataan pa. Pinatutuhan na ang mga Pilipino ay likas na ispiritwal, malakas ang paniniwala sa mga ispiritu na kung tawagin ay anitos at engkanto na namumugad sa mga bundok, kweba, dagat at bato kung kaya't napakadali para sa mga Pilipino ang makipag-usap at makipag-ugnayan sa ganitong uri (Villan, 2013).

***Pakikipagkapwa o Pakikisama -*** Ang pakikisama ay isa ng matandang kaugalian ng mga Pilipino, ito ang isa sa magandang karakter ng mga Pilipino, ayon nga kay Saito (2010), ang pakikisama o smooth interpersonal ay ang katangian ng mga Pilipino upang mapatibay pa ang relasyon sa kapwa. Ang kwento ay pumapaksa rin sa pakikisama. Pinahiram ni Maria Anabe ang lahat na mayroon siya gaya ng gintong mga kutchara, kubyertos, alahas, trahe de buda at iba pang mamahaling gamit at kahit pera ay kaniyang pinahiram bilang tanda ng pakikisama. Ang kwento ay naglalarawan sa realidad ng buhay, para walang magdamdam, away at paghihinakit ay kailangan ang pakikisama. Ang pag-uugaling ito ang tatak ng Pinoy hindi lamang sa bayan ng Palompon, kung kaya isa ito sa mga hinahangaan ng mga dayuhan. Hindi lingid sa ating kaalaman na maraming mga dayuhang employer ang kumukuha ng mga Pilipino para magtrabaho sa kanila dahil madali tayong makapag-*adjust* at makisama sa kahit anumang lahi.

***Pakikipagsapalaran sa Ibang Lugar -*** Si Maria Anabe ay mayroong malaking barko para sa paglalayag sa ibang lugar o bansa ayon nga sa pahayag sa kwento

> *"Maria Anabi has a boat which she takes when she travels. Sometimes for six months, even a year, and when she returns her boat would be filled with jewelry, silk and fineline furniture used only by royalty"*

ang pakikipagsapalaran ni Maria Anabe sa ibang lugar nagpapakita ng pakikipagsapalaran para sa isang oportunidad.

Ayon kay Hosoda, 2008, Ang paghahanap ng magandang oportinidad sa ibang bansa sa kabila ng walang katiyakan ay sakop sa depinisyon ng "pakikipagsapalan", ang salitang ito ay hango sa salitang palad na sumisimbolo sa tadhana ng isang tao, gayundin iniuugnay ito sa paghahanap ng swerte, dahil baka nasa ibayong dagat ang pag-angat sa estado ng buhay. Katulad din ng karamihan ng Taga-Palompon, naghahanap ng swerte sa ibang bansa para mabigyan ng maginhawang buhay ang pamilya. Karamihan sa populasyon ng taga-Palompon ay nagtatrabaho sa ibang bansa gaya ng pagiging seaman, caregivers at iba ay nag migrate na kaya makikita sa bayang ito ang naglalakihang bahay, napapaaral ang mga anak sa ibang bayan o syudad ngunit ang pangingibang bayan ay hindi biro maraming mga pagsubok ang kanilang nararanasan, isa na rito ang pangungulila sa pamilya. Kapag swenerte ay nakapagpapadala na malaking pera, nabibili na halos lahat ng pangangailan ng pamilya; mga mamahaling gamit at iba pa. Mayroong na ring kwento na umuuwi mula sa ibang bansa na luhaan dahil ang mga naipinadalang pera ay nawaldas, ang mga gamit na hiniram ay nasira o di kaya hindi na naisuli at marami pang nakakalungkot na kwento.

***Madasalin at Paniniwala sa kapangyarihan ni Hesus***

> *"I showed Berta the pendant of Jesus Christ that hung from my necklace. "This, Berta, is my shield against supernatural spirits. I have a prayer booklet with me as well, an oracion, given by my grandfather who sailed the seas. He died of old age, not by some work of the devil. This image of the lord, my prayer book, and my courage will protect me"*

Ang pahayag na ito ay ipinahayag ng isa sa mga nagsasalaysay sa kwento, siya ang nagpapatunay na totoo si Maria Anabe.

Ang Palomponganon ay kilala sa pagkakaroon ng deboto sa Santo ng St. Francis Javier Ang pananalig sa Poong Maykapal ang nagiging sandata nang bawat isa. Ang pagiging relihiyoso at taus-pusong pananalig sa Diyos ay isa sa mga kinakapitan ng mga tao sa lahat ng oras. Ang kwento ay naglalarawan lamang na sa bawat desisyon na ginagawa/gagawin pa ay isinasama ang Panginoon para gabayan tayo. Ginagamit din natin ang pananampalatayang ito para protektahan tayo sa mga masamang elemento o sa salitang Sebuano *"dili ingon nato"*. Sa pag-aaral nina Sestoso at Madula (2019). Namamalas ang pagiging relihiyoso ng mga Pilipino partikular ang mga katolikong Pilipino sa regular na pagsisimba tuwing araw ng linggo, pagdiriwang ng iba't ibang kapistahang alay sa mga patron, pagprupurusiyon, pamamanata tuwing araw ng Miyerkules sa Baclaran at Biyernes naman sa Quiapo. Sa mga panrelihiyosong gawaing ito naikabit ang pagiging relihiyoso ng bawat isang katolikong Pilipino. Ang pagsamba sa mga nakaukit na santo ay pinaniniwalaan ng maraming katolikong Pilipino na ito ang magliligtas sa lahat ng kapahamakan at panlaban sa mga elemento. Ang mga Palomponganons ay mga rehiliheyoso, ang simbahan ay palaging puno tuwing may misa o okasyon at sama-sama ang buong pamilya sa pananampalataya at pananalig kay St. Francis Javier. Ayon naman kay Abangan 2009), ang mga Pilipino ay maka-Diyos sapagkat buong pamilya ang sama-samang nagsisimba, nagrorosaryo at nagdarasal tuwing alas sais ng Angelus. Ang Dios ang siyang sandigan ng mga Pilipino sa oras ng mga problema at pangangailangan. Hindi nito nakakalimutang tumawag sa Maykapal at magpasalamat sa mga biyayang natatanggap.

***Mga Kweba Tirahan ng mga Engkanto***

> *"Maria Anabi is not of this world, Dong," began the old woman. "She has her own power and beauty that are unlike yours. That is her castle," she pointed to the cave".*

Ang diwatang si Maria Anabi ay nakatira sa kweba, kaya maraming naniniwala na mga taga-Palompon na nanatili pa rin ang diwatang ito sa kanilang kaharian, ang kuweba dahil gusto pa rin niyang pangalagaan ito lalong-lalo na ang kalikasan,

> *"you better stop gathering firewood," the woman chided. "And why is that, inday, ah manang," "You did not ask permission to gather firewood." From whom? The government?" "The government's rights are different form the rights of Maria Anabi. This place belongs to her. You ask permission from her?*

Ang pahayag na ito naglalarawan na si Maria Anabi ay isa sa mga tagapangalaga sa kalikasan, prenoprotektahan niya ang mga punongkahoy sa paligid ng kanyang kuweba. Binanggit sa pag-aaral ni Galdo, (2021), patungkol sa mga kwentong bayan, ang mga ganitong tauhang magsisilbing leksyon sa mga kabataan na may mga ibang nilalang na tagapangalaga ng kalikasan, mundo, at sansinukob at dahil dito maiuugnay sa pagiging magalang ng mga Pilipino at sa pagiging mapagmahal sa kalikasan. Sa kasalukuyan marami pa ring mga tao lalong-lalo na ang mga naninirahan malapit sa kweba ay may takot pa rin makialam sa mga puno malapit sa kuweba.

***Labis na paghahanda at Panghihiram ng Gamit Tuwing may Okasyon***

> *"Ferdirico worried only about two things: the piece of Jewelry that Valentina should wear during the wedding and the utensils-plates, spoons, forks, and others. Somebody suggested to Federico that he borrow these items from Maria Anabi. There was nothing that the Spaniard would not do for his Valentina. If he could, Federico would have offered her the moon. And so, Federico agreed to borrow from Maria Anabi. And the Diwata lent him what he sought: golden utensils, diamonds, and jewelry. Valentina, on the other hand, had a weakness for jewelry and diamonds and she desired to have those items to herself. She told Federico what she wanted and Federico agreed without much thought. They did not return the items."*

Ang pagkakaroon ng isang engradeng handaan ay hindi masama pero kung hindi kaya bakit ipinipilit? Ang kwento ay isang repleksiyon sa pag-uugali ng mga Pilipino, na kahit walang pera ay mangungutang para lang may maihanda. Ang mga ganitong pag-uugali ay maaaring malubog sa utang at ang masaklap pa kung hindi nababayaran ang pinagkakautangan, maaaring mawalan ng tiwala o mas masaklap pa ay maaaring masira ang pagkakaibigan, gaya ng kwento ni Maria Anabi, nawala ang kanyang tiwala sa mamamayan dahil inabuso ang kanyang kabaitan hanggang sa hindi na siya nagpakita sa mga tao. Ang labis na pangungutang at panghihiram ng mga gamit para sa isang engrandeng handaan ay hindi na bago sa mga Pilipino, kahit nga sa ilan mga kwento na naisulat sa mga aklat ay tumatalakay rin sa ganitong usapin isa na rito ang kwentong "Kasalan sa Nayon" ni Eleuterio P. Fojas.

***Pagreregalo -*** Ang pagreregalo ay may maraming dahilan; importante ang tao, may hinihiling kapalit, pagrespeto, may okasyon at marami pa. sa nagsasalay sa kwento ay inilalarawan na hindi magiging kompleto ang selebrasyon sa kasal kung hindi reregaluhan ang kaniyang magiging kabiyak ng mga alahas at dyamante. Ang kaugaliang ito ay maihahalintulad sa pagbibigay ng *engagement ring* sa taong iniirog, maliban sa engagement ring ay pagbibigay pa ng ibang mga alahas na isusuot sa araw mismo ng kasal, kung minsan ang alahas ng nanay ng lalaking ikakasal ang ibinibigay sa katipan. Sa kasalukuyan, ay isinasapubliko o nasa social media na ang pagbibigay ng engagement ring o anumang mga bagay na inireregalo bago ang kasal. Ibig sabihin naging parte na ito ng ating kultura.

***Kultura -*** Ang kultura ay ang pagsasalin-salin ng mga tradisyon sa mga tao o maging sa mga kumunidad. Ang kulturang nangibabaw sa kwentong Maria Anabe ay ang pagtitiwala at pakikisama dahil ipinakita dito ng Diwata kung paano siya nagtiwala at nakisama sa mamamayan na kahit mga pribadong gamit niya ay kanya pa ring pinapahiram. Maliban sa kulturang ito nabanggit din ang paniniwala sa anting-anting at orasyon dahil naniniwala ang tagapagsalaysay na sa pamamagitan nito ay mababawi niya ang kanyang asawa na pinaghigantian daw ni Maria Anabe dahil nilapastangan daw ang ari-arain ng Diwata. Dahil sa pangyayaring ito

ay gumawa ng orasyon at anting-anting para maibalik ang nawawalan asawa. Sa kasalukuyan ay mayroon pa rin mga nainiwala sa Palompon patungkol sa mga orasyon at ating-anting bilang panlaban sa mga masasamang espirito sa katunayan marami pa rin ang albularyo sa lugar bilang tagapamagitan sa tao at espirito. Sinabi ni Bunsay (ND), Ang anting-anting ay isang bato o anumang maliit na bagay na may nakaukit na mahihiwagang kataga. Isinusuot ito bilang kuwintas at hindi tatablan ng bala o patalim ang sinumang nagtataglay nito. Maliban sa anting-anting ay marami pa rin ang naniniwala sa orasyon kahit sa mga nanakawan ng gamit o ang pagkawala ng mahal sa buhay ay dumudulog pa rin sa mga albularyo para magpabasa ng orasyon at makita ang mahal sa buhay o ang mga nawawalang gamit. Mayroon ding iba na mga nalason ng pagkain pero mas pinipili pa nila ang magpa-orasyon kaysa magpagamot sa hospital.

Ang mga kwentong bayan ay maaaring kathang isip lamang pero ito ang nagsisilbing tulay sa kasalukuyan lalong-lalo na sa mga Kabataan sa bagong henerasyon. Ang mga kwentong katulad nito ay dapat pa rin pagtuonan ng pansin. Sinabi ni Evasco E. (2000). Ang halaga ng mga kuwentong-bayan na ito ay isang gahum na magsisilbing gamot sa nanganganib na pagkawala at pagkalimot ng mga tao sa kanilang lokal na tradisyon at pagkakakilanlan dahil sa globalisasyon at mabilis na pag-unlad ng ating teknolohiya. Ang mga ito ay karaniwang may mga tagpuan at pangyayari na noong unang panahon pa naganap at hindi naluluma ang nilalaman ng mga kuwentong ito.

***Pananaw Sikolohikal -*** Sinabi ni Abellera 2016, ang pananaw sikolohikal ay nagpapakita ng salig sa pagbuo ng pag-uugali, paniniwala, pananaw o pagkatao ng isang tauhan sa akda na nagkakaroon ng impluwensiya sa mga mambabasa. Dahil sa pagsalin-salin ng kwento ang dalawang kwento ay naging repliksiyon pa rin mga mamamayan ng dalawang lugar. Ang kwentong Maria Anabi ay may malaking impluwensiya sa mamamayan ng Palompon dahil ang pag-uugali niya na mapagbigay, matulungin sa kapwa ay naisalin sa mamamayan ng lungsod. Sa katunayan, ang pagiging mabait at mapagbigay ng mga tao ay narasan ng mananaliksik sa kanyang mga kasamahan sa trabaho maging sa iba pang sektor ng lungsod. Kung susuriin din ang nakakabit sa kanilang pangalan na “Maria” ay naglalarwan din sa kabusilakan ng kaniyang puso. Marami pa rin sa mga Pilipino ang naglalagay ng “Maria” sa mga pangalan ng babaeng anak na halaw kay Berheng Maria dahil pinaniniwalaan na magiging mabait, may busilak na kalooban, at uulanin ng grasya.

***Social Responsibility -*** Bilang isang mamamayang Pilipino ay tungkulin natin na e-preserba at palaganapin ang mga kwentong bumubuhay sa kung ano mang kultura mayroon tayo noon. Ang pagtulong sa kapwa lalong-lalong lalo sa mga nangangailangan ay isa sa mga pag-uugali ng mga Pilipino. Isa rin sa kanilang pinaniniwalaan mapaghanggang ngayon ang pagpapanggap ni Maria Anabi sa ibang katauhan para maprotektahan ang kanyang kweba gaya sa nangyari sa kwento na nagpanggap siya at ang kanyang mga sakop bilang isang ibon para mapigilan ang pagputol ng malaking puno malapit sa kanyang kweba. Hanggang sa kasalukuyan ay pinapanatili ng mga mamamayan ang pagreserba ng mga punongkahoy at kweba. Isa rin ito sa hakbang na ginagawa ng lokal na pamahalaan.

Pero sinabi ni Enrequez (1992), maraming kilos ang maaaring magpakita ng kabutihan at kabaitan, ngunit matatawag lamang itong kagandahang-loob kung ito ay kusang nagmumula sa kaibuturan ng puso at walang ibang motibo kundi ang magpakita mismo ng kabutihan. Sa madaling salita, mahalaga ang pagkukusa at ang motibo sa pagpapakita ng kagandahang-loob. Pero ang mga pag-uugaling ito ay mababago kung hindi nating papayamanin ang kultura ng mga Pilipino, ang isa na maaaring makapagbigay ng impluwensiya ay muling talakaying at ipaunawa sa mga mag-aaral ang mga kwentong sumasalamin sa ating mayamang kultura at mabigyang buhay ang mga ito dahil malaking tulong ito para mas mahubog pa ang kamalayan ng mga kabataan. Ang paghubog sa mga kabataan kung paano pangangalagaan ang likas na yaman ay mas mapapahalagahan pa nila hindi sa pamamaraang pananakot dahil may mga elementong nakatira bagkus ang pagiging responsible nila bilang isang tao na nakikitira lamang sa mundo na libre katulad ng hangin na ating nilalanghap, ang lilim ng mga punongkahoy, ang huni ng mga ibon, at ang masarap na pagtampisaw sa mga malilinis na lawa at marami pang iba na bigay ng kalikasan.

## 4. Kongklusyon at Rekomendasyon

Ang kwentong Maria Anabi ay naging repleksiyon sa kultura ng mga Palomponganons. Ito rin ay naging "*eye opener"* na lahat ng mga kamaliang ginagawa ng mga tao ay nagdudulot ng hindi maganda gaya ng panghihiram ng mga gamit o pera na hindi naibabalik o nababayaran ay maaaring masira ang isang relasyon na nauuwi sa pag-aaway, at ito ay hindi na bago sa ating mga Pilipino. Maliban dito ang pagpapahalaga sa kalikasan, kung labis ang pag-aabuso ay tiyak na labis din ang kapalit. Ang mga nararanasan ngayon na climate change ay kagagawan ng tao hindi alintana ang sukli ng mga maling hakbang, ang naging importante lang ang pansariling kapakanan o ang *satisfaction.* Ang mga kwentong ito ay maaaring maidagdag sa mga talakayan sa climate change sa paaralan at hindi lamang pinapaksa sa syensiya. Dahil kahit nasa panahon na tayo ng teknolohiya ay marami pa rin paniniwala na hindi lamang tao ang nangangalaga sa kalikasan.

Inirerekomenda ng mananaliksik na pag-aralan at suriin pa ang mga kwentong bayan sa iba't ibang panig ng bansa at nang sa gayon, ito ay mas lalong mapayabong at magamit ng mga guro sa pagtuturo ang mga aralin. Ito ay may malaking tulong para sa mga guro at estudyante dahil ang kwentong ito ay maaaring maglarawan sa kung ano mayroon tayo ngayon. Malaking gamit din ang mga kwentong bayan para sa pag-*contextualize*.

## 5. Sanggunian


Abangan, V. (2009). *Mga sinuring alamat ng dalawampu't limang bayan ng Negros Oriental*. Di-Nailathalang Pag-aaral sa Disertasyon. Cebu Normal University, Cebu City, Philippines.

Arrogante, Jose. et al. (2010) *Panitikang Filipino-Antolohiya.* Mandaluyong City: National Book Store.

Abellera J.I. (2016). Sikolohikal na Teoryang Pampanitikan: Isang Pag-uulat. https://www.academia.edu/40370446/Ang_Teoryang_Sikolohikal_sa_Panitikan_Isang_ Pag_uulat.

Abenina, J K M. (2020). *Ang Mitolohiyang Filipino sa Panahon ng Industriyalisadong Panahon: Posisyon at Pananaw ng mga Piling Paaralan sa Pilipinas.* Manila: Philippine Science High School. https://shorturl.at/bAEN8https://www.researchgate.net/publication/343444520_Ang_Mitolohiyang_Filipino_sa_Panahon_ng_Industriyalisadong_Panahon_Posisyon_at_Pananaw_ng_mga_Piling_Paaralan_sa_Pilipinas

Aler, RA. (2020). *Ang Konsepto ng Bayan sa mga Kwentong Bayan ng Camarines Norte*. Manila: De La Salle University. https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_doctoral/1378/

Bunsay, JC. Bunsay: *Ang Anting-anting ni Manualito*. https://arete.ateneo.edu/connect/ang-anting-anting-ni-manuelito

Catipay, TM. (2018). *Antolohiya ng mga Sugbu-anun'g Kwentong Bayan: Pagbabalik-tanaw sa buhay at kulturang Cebuano*. Lumina%202022/APJMR-2019-7.1.02_120200317-53928-1o0qph8-with-cover-page-v2.pdf

Catapang, KG et. al. ND. Pagsusuri sa mga Alamat at mga Kwentong-Bayan tungkol sa Lawa ng Sampalok at ang Kaugnayan nito sa Araw-araw na Pamumuhay ng mga Mangingisda ng San Pablo, Laguna. University of Los Banos.

Enriquez, V.G. (1992). From colonial to liberation psychology: The Philippine experience. Quezon City: University of the Philippines Press.

Evasco, E. (2000). Sa Pusod ng Lungsod: Mga Alamat, Mga Kababalaghan Bilang Mitolohiyang Urban. Humanities, Diliman.

Galdo, M. Salik-Suri sa Kultura ng Southern Leyteñong Kwentong Bayan. Lukad: An Online Journal of Pedagogy Volume 1 Issue 2 (December 2021) 28 – 50.

Imson, M. E at Dizon, S.(1994) El Folk-lore Filipino. Quezon City: UP Press.

Hosoda, N. (2008). Connected Through "Luck": Samarnon Migrants in Metro Manila and the Home Village. Philippine Studies, 56 (3), 313-344.

Jadloc, Mariamme D. (2017). K'wentong Bayan Mahalaga sa Kabataan. UP Diliman. https://upd.edu.ph/kwentong-bayan-mahalaga-sa-kabataan/

Neumann, W. L. (2011). Social research methods qualitative and quantitative approaches (7th Edition). Pearson, Boston: Pearson New International. https://www.pearson.com/us/higher-education/program/Neuman-Social-ResearchMethods-Qualitative-and-Quantitative-Approaches-7th-Edition/PGM74573.html

Saito, I., T. & Miyagi, M. (2010). The Filipino personality, traits and values for social support: Filipino overseas workers as human resources for work balance in Japan. Journal of the Institute of Psychology, 8.

Sestoso, J and Madula, R. Kuwentong Santero: Pagsipat sa Kultura ng Pag-aalaga ng Santo ng mga Pilipino. Padayon Sining: A Celebration Of The Enduring Value Of The Humanities. De La Salle University, Manila, Philippines. February 2019, p1

Villan, V. C. (2013). Lawas, buut, patugsiling, ‘ag dungan: Isang pag-unawa sa papel ng kinagisnang sikolohiya sa kasaysayang kolonyal at himagsikang Pilipino sa Panay, 1896-1898. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 19(2), 73-110.

Young, R. A. & Haverkamp, B. E. (2007). Paradigms, purpose, and the role of the literature: Formulating a rationale for qualitative investigations. Sage Journal. https://doi.org/10.1177/0011000006292597